# TULA SA MIKROPONO: SPOKEN WORD POETRY AT ANG INTERES NG KABATAAN

*by:*
**Luzchel L. Du**
*Teacher II, Mariveles National High School- Poblacion*

Sa panahon ng modernisasyon, malinaw na nasasaksihan ang paghina ng pagkahilig ng mga mag-aaral sa mga tradisyunal na anyo ng tulang Filipino. Isa sa mga pangunahing dahilan nito ay ang pagkakaugnay ng tula sa mga anyong may malalim na bokabularyo at mahigpit na estruktura na hindi madaling maunawaan ng kabataan. Sa kabilang banda, ang spoken word poetry ay patuloy na umuusbong bilang isang anyo ng kontemporaneong panulaan na mas naaabot at nakauugnay sa karanasan ng kabataan. Ang artikulong ito ay tumatalakay sa epekto ng spoken word poetry sa interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa tradisyunal na tula, at kung paano ito maaaring gamitin bilang tulay upang mapaunlad at mapalalim ang pagpapahalaga sa panitikang Filipino.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang spoken word poetry ay isang uri ng performans na tula na gumagamit ng matalas na emosyon, mabilis na bigkas, at personal na karanasan bilang pangunahing sangkap. Kadalasang isinasa-entablado ito, at madalas ay may temang politikal, panlipunan, o personal na saloobin (Cagurangan, 2019). Napatunayang ito ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kumpiyansa sa sarili, kasanayang pakikipagkapwa, at kakayahang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin.

Sa pananaliksik ni Paglinawan (2023), napag-alamang ang mga estudyante ay mas nagiging aktibo at bukas sa pagsusuri ng semantika ng tula kapag ito ay ibinabahagi sa pamamagitan ng spoken word. Ang wika ay mas nagiging makabuluhan sa kanila sapagkat ito ay ginagamit upang ilarawan ang sariling karanasan, damdamin, at pananaw. Ang spoken word poetry ay tumutugma sa “linguistic turn” sa edukasyon na nagbibigay-diin sa wika bilang kasangkapan sa paglikha ng kahulugan.

Sa kabila ng mayamang kasaysayan ng tradisyunal na tula sa panitikang Filipino—tulad ng mga korido, awit, at tanaga—marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang umunawa at kumonekta sa mga ito. Kadalasang iniuugnay ng mga estudyante ang mga ganitong anyo ng tula sa pagiging “luma” o “hindi relatable.” Ayon kay Vitor (2024), may posibilidad na mawalan ng saysay ang mga aralin sa tula kung hindi ito naiuugnay sa kasalukuyang konteksto ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, sa pagsusuri ng moral na nilalaman ng spoken word poems na isinulat ng mga kabataan, nakita ni Vitor (2024) na maaring gamitin ang mga tula ng kabataan bilang tulay upang balikan at bigyang saysay muli ang tradisyunal na panulaan. Ang mga temang tulad ng nasyonalismo, pag-ibig, at realidad ng buhay ay makikitang umiiral sa parehong anyo ng tula, at dito maaaring pumasok ang integrasyon sa pagtuturo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Iminungkahi nina Reyes et al. (2024) isang mabisang at konkretong pamamaraan upang maisulong ang malikhaing pagpapahayag at masiglang pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan sa loob ng silid-aralan. Sa kanilang obserbasyon, mas nagkakaroon ng interes ang mga mag-aaral sa pagtula kung sila ay binibigyan ng kalayaang pumili ng sariling tema at istilo. Bukod dito, mas naiintindihan nila ang mga elemento ng tula gaya ng talinghaga, tugma, at sukat sa mas makabuluhang paraan kapag sila mismo ay lumilikha.

Maaari ring gamitin ang spoken word poetry bilang panimulang aktibidad bago talakayin ang mga tradisyunal na anyo ng tula. Ang pagkakaroon ng koneksyon sa makabagong wika ay maaaring magsilbing scaffold sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mas pormal na panulaan.

Hindi maikakaila ang epekto ng spoken word poetry sa pagpapalalim ng interes ng kabataan sa tula. Habang nananatiling mahalaga ang tradisyunal na panitikan, may pangangailangang iakma ang mga pamamaraan ng pagtuturo sa wika ng kasalukuyang

henerasyon. Sa pamamagitan ng spoken word poetry, muling nagiging buhay at makabuluhan ang tula para sa mga mag-aaral. Kung maisasama ito sa mga aralin, hindi lamang mahihikayat ang mga estudyanteng makinig—maaari rin silang matutong magsalita, tumula, at magpahayag ng sarili.

*References:*

Cagurangan, P. B. (2019). Spoken word poetry: A study on yielded intrapersonal and interpersonal communication gains. Philippine E-Journals. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=19460

Paglinawan, A. (2023). Semantic analysis on the corpora on spoken word poetry among language learners. ResearchGate. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/367497591_Semantic_Analysis_on_the_Corpora_on_Spoken_Word_Poetry_Among_Language_Learners

Reyes, M. M., Manuel, L. A. F., Cadiz, M. C. D., & Curada, C. L. P. (2024). Poetics of teaching poetry: Framework and analysis model development in literature education. Library Progress International, 44(3), 3501–3514. Retrieved from https://bpasjournals.com/library-science/index.php/journal/article/download/1039/627/2086

Vitor, F. E. (2024). Analysis of spoken poetry on moral values of Filipino youth using literary theories. Library Progress International, 44(3), 11692–11703. Retrieved from https://bpasjournals.com/library-science/index.php/journal/article/download/2505/1632/3692

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan